**KRUSIPIHO SA ARANETA COLISEUM**
*Jose Martin V. Singh*

Paisa isa ang paglapit
At pagyakap ng mga atleta
Sa duguang katawan ni Kristo.

Pinukpok nang nakaraang linggo
Ang katawan para sa hangarin
Na kanilang koponan ay magtagumpay.

Halos klaustro sa lilim ng pag-iisa
Ang daan mula dugout tungo palaruan.
Pinikit ang mata, ininin ang mga sákit.

Taimtim ang paghalik ng noo
Sa sugatang tuhod ng nagbuhat
Ng lahat ng bigat sa pook ng bungo.

Ganito nawaksi ang lahat ng bigat
Sa mundo. Umalulong sa tulad ng
Nawa ay maialay ang lahat. Nagantanda.

Bumalik sa mundong ginagalawan
At tumakbo palabas ng kweba,
Sa liwanag na hain ng entablado.